# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Sta. Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG ABRIL 07, 2025, LUNES, IKA-10:15 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Norman T. Tolentino | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Mark Anthony M. Juangco | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ..... | Kagawad - nagpaalam |
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad – legal reason |

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN RELEASED NAME DATE 21 APR 2025 TIME STA. CRUZ, LAGUNA

15 APR 2025

**KAPASIYAHAN BLG. 092-T2025**

**KAPASIYAHANG KINIKILALA ANG ROAD SAFETY SECURITY MARSHAL AMBASSADOR (RSSMA) NG BARANGAY SAN PABLO SUR, SANTA CRUZ, LAGUNA BILANG ISANG NON-GOVERNMENT ORGANIZATION NG BAYANG ITO.**

**SAPAGKAT,** may kahilingan ang Road Safety Security Marshal Ambassador (RSSMA) Non-Government Organization sa bayan ng Santa Cruz, Laguna na kilalanin bilang isang lehitimong samahang hindi pampamahalaan na bahagi ng Civil Society Organization ng bayang ito;

**SAPAGKAT,** ang naturang kahilingan ay nararapat upang patuloy na maging kabahagi at kabalikat ang nabanggit na samahan sa pagbibigay ng tulong sa lahat ng ahensiya ng pagpapatupad ng batas sa lahat ng uri ng kanilang mga gawain laban sa krimen, tumulong na mapabuti ang sistema ng mga usapin sa komunidad. sosyo-ekonomiko at pag-unlad sa kapaligiran;

**SAPAGKAT,** layunin ng pamahalaang bayang mabigyan ng tamang pagkilala bilang isang Civil Society Organization sa bayan ng Santa Cruz, Laguna.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ni Kgg. Alan T. Pamatmat ( Tagapamuno ng Lupon sa Kautusan at Batas), na pinangalawahan nina Kgg. Ambiel John C. Panganiban, Kgg. Lucena R. Odejar at Kgg. Norman T. Tolentino at sa pagsang-ayon ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Kilalanin ang Road Safety Security Marshal Ambassador (RSSMA) ng Barangay San Pablo Sur, Santa Cruz, Laguna bilang isang Non-Government Organization ng bayang ito.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Administrador, Pambayang Ingat-Yaman, Kagawaran ng Interyor at Pamahalaang Lokal, Road Safety Security Marshal Ambassador (RSSMA), CSO Officer at mga may kinalaman, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Abril 07, 2025**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**AMYCAR O. SANTOS**
Gumaganap na Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO: **KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY: **KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan

4/10/25

LAM/CEL 25

04152025227